

“Ang Pangarap na makapag-aral sa Japanese language school . . .” Ano ba ang “student visa”?



Upang ang isa ay magkaroon ng pakakataon na makapag-aral ng ibang wika , Ang mag-a-aral ay kailangang magtungo sa bansa kung anong salita ang nais nitong pag-aralan. Ang sino mang namamalagi sa bansang “Japan” ay may magandang pagkakataon upang mag-aral at mapag-alaman ang salitang Hapon. Nais mo bang matuto ng salitang Hapon habang ikaw ay nasa bansang ito?

T Ang aking kaibigan ay nais mag-aral ng salitang Japanese sa bansang Japan. Ano ang dapat nyang gawin upang makapasok sa isang Japanese Language School?

S Ang kailangan nya ay magkaroon muna ng tinatawag na student visa. Ang visa na ito ang daan upang ang isa ay makapag-aral ng vocational, high school o maging kolehiyo dito sa Japan.

T Kailan ma-aaring magkaroon ng student visa?

S Ang proseso ay uma-abot hanggang 3 buwan upang lumabas ang resulta. Kung ikaw ay nakapasa. Ang Immigration Bureau ay mag papadala sa iyo ng “Certificate of Eligibility” Ito ay kailangang ipasa sa Japanese Embassy or consul kung taga-saang bansa ka upang mabigyan ka ng student visa.

T Anu-anong lebel ng klase ang meron dito?

S Ang bawat Japanese language schools nagtuturo ng ibat-ibang lebel ng klase. Sa Ikebukuro, “Arc-Academy” (03 - 3590 - 0740) maraming course, meron din full time course sa loob ng 3 buwan, regular na grupong pag-tuturo ginaganap tuwing 1 o 2 besess sa isang Linggo, intensive Japanese language course, course for Japanese Language Proficiency test at academic course.

T Meron bang mga libreng pag-aaral na malapit lamang?

S Ang mga sumusunod ay volunteer group na maka-katulong: “Fujimino International Cultural Center Japanese Class”, “Fujimi Japanese Circle”, “Miyoshi Japanese Class”, “Kamifukuoka Japanese Class”

T Paano mag-apply ng student visa?

S Kung saang pa-aralan nais mo pumasok, Sila ang responsible upang ikaw ay i-apply ng “student visa”. Makipag-ugnayan sa pa-aralang nais pasukan sa mga detalye ukol dito.

T Dumating ako dito sa Japan isang buwan na ang nakalipas. Ma-a-ari ba akong pumasok sa Japanese Language School gayung hindi naman ako mahusay magsalita ng Nihongo?

S Maraming pa-aralan ang pwedeng mapasukan depende sa ka-kayahan ng mag-a-aral. Para sa mga hindi at wala pang ka-alaman ukol sa salitang Hapon, Ang guro na naka-kapagsalita ng kaparehong salita ang syang bahala dito. Samantala, maraming grupo ng volunteer ang nagtuturo upang matutunan ang salitang Hapones.

T Magkano ba ang tuition fee?

S Kung ito ay “20-times-lesson course of “Arc-Academy”, entrance fee - ¥10,500, lesson fee - ¥64,000 and text material fee - ¥4,000. Para sa intensive Japanese language course, lesson fee ay ¥168,000 sa loob ng 3 buwan. Kaya napaka halagang pumili ng kurso ayon sa panga-nga-i-langan at upang makapamuhay ng ma-ayos sa bansang Japan.

● Ma-aaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod. “Fujimino International Cultural Center Japanese Class”(049 - 256-4290) upang malaman pa ang ibat-ibang lugar na libreng pag-aaral.

www.ficcc.jp/foreign/

● Ang nakaraang isyu ng “Information Fujimino” ay matatagpuan on line.



“Nursery schools” – Ta-tanggap na ng mga aplikante para sa Heisei ika 20ng taon.

Simula sa ika-4 ng Disyembre ang siyudad ng Fujimino ay ta-tanggap na ng mga magpapatala para sa mag-aaral ng nursery. Ang mga aplikante ay ang mga kabataan na naninirahan sa Fujimino City at ang mga magulang ay mga nagta-trabaho o ang tagapag-alaga ay may karamdaman. Subalit sa ilang kadahilanan na limitadong bilang lamang ang ma-aaring ma aprubahan.

Mga talaan ng pagtanggap ay maka-kakuha sa bawat nursery school, Child-rearing support division at Ooi General Branch Child-rearing Division. Sa mga magulang na nagsumiti ng aplikasyon at naghintay mula pa nung Heisei 19th taon, maarari po lamang na mag sumiti ng panibagong aplikasyon.

● Araw ng pag-pasa: December 4th/5th 9am – 6pm Uenodai • Kasumigaoka Nursery Isama ang inyong anak / mga anak at dalhin ang mga dokumentong ka-kailanganin. December 11th/12th 9am – 7pm Ooi General Branch, ika-dalawang building.

Isama ang inyong anak / mga anak at dalhin ang mga dokumentong ka-kailanganin.

● Listahan ng mga nurseries: Uenodai nursery, Kasumigaoka nursery • Taki nursery • Nishi nursery • Shinden nursery • Kamekubo nursery • Tsurugaoka nursery • Ooi nursery, Tanpopo nursery, Fujimino Nakayoshi nursery • Kasuga nursery • Kaze-no-sato nursery • Yuzuriha nursery • Mugikko nursery

Kung kayo ay taga Fujimino city at Miyoshi town ma-aari naring mag sumiti ng inyong aplikasyon. Para sa karagdagang kaalaman ma-aaring tumawag at magtanong sa mga child-rearing support division na malapit sa inyo.

Fingerprints i-iscan na pagpasok ng Japan simula sa Nobyembre.

Upang maiwasan ang katulad na pagsalakay ng terorismo sa Amerika nuong ika 11 ng Setyembre, may bagong proseso na isinasagawa bago makapasok ng bansa. Ang parehong hinlalaki ng mga bawat banyagang papasok ay daraan sa proseso ng finger printing.

Anng pagtangi sa proseso ay ma-reresulta ng pagkawal ng karapatan na mapasok sa bansang Japan. Ang impormasyong ito ay gagamitin din sa pagkalap ng imbistigasyon sa mga kasong criminal.


Impormasyon mula sa Pangkalusugang Kawani Siguraduhing i-check ang pagtimpa, pagtago at pag-gamit ng pulbos na gatas.

Kamalailan, Ang World Health Organization at International Food and Agriculture Organization ay nagbigay ng pa-alala para sa maayos at maingat na pagtimpla, pagtago at tamang pag gamit ng pulbos na gatas.



Para sa mga nanay na gumagamit ng pulbos na gatas Basahin ang mga nasa-saad na panuto na dapat bigyang halaga.

1. Siguraduhing malinis at walang mikrobyo ang lugar kung saan inilalagay o tinatago ang pulbos na gatas.
2. Maghugas at magsabong mabuti ng kamay bago hawakan ang pulbos na gatas.
3. Hugasan at pakuluan ang mga botelya at mga kagamitan ng sanggol.
4. Gumamit ng pinakuluang tubig over 70°C para sa pagtimpla ng pulbos na gatas.
5. Maari mo itong palamigin sa pamamagitan ng malamig na tubig o tubig na may yelo at ilagay sa bowl ng ilang minuto.
6. Siguraduhing hindi mainit ang gatas bago ibigay sa sanggol. Maa-ari mong patuluin o ilagay sa iyong braso upang masigurado ang init ng gatas bago ibigay sa sanggol.
7. Siguraduhing laging bagong timpla at huwag ibigay ang anumang natirang gatas sa sanggol.



Kasiyahan “Pulong para sa mga magulang at kasama ang mga anak” para sa Disyembre at Enero.

Mga banyagang magulang na nais dumalo sa pulong na ito ay masayang magkaroon ng maraming kaibigan at kakilala. Merong Kasiyahang magaganap Sa Disyembre at Enero. Huwag mag-atubili ito ay para sa inyo upang masiyahan kayo at tayong lahat.

● December 11th Oyako de Christmas ! Fujimi City

● January 24th Delicious International communication (3 rd)

Ang iskedul ay ma-aaring mapalitan pa kaya makipagalaman ng mas ma-aga.

Phone 049-256-4290

www.ficec.jp/living/

● Living Guidance isinalin sa 6 na wika.